Annual Report

2025

Ehekutibong Buod

# Racial and Identity Profiling Advisory Board

## Ehekutibong Buod

Ipinagmamalaki ng Lupon ng mga Tagapayo para sa Pagkilatis sa Lahi at Pagkakakilanlan (Racial and Identity Profiling Advisory Board, Lupon) ng California na ilabas ang 2025 Taunang Ulat bilang pagtugon sa mandatong batas na alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan at mapabuti ang pagkakaiba-iba at pagiging sensitibo tungkol sa lahi sa pagpapatupad ng batas.

Inanunsyo ng ulat ang pagsusuri sa mahigit 4.7 milyong pagpapahinto at 14,444 na reklamo ng sibilyan na iniulat ng 539 na ahensya ng tagapagpatupad ng batas upang maunawaan ang lawak at kalikasan ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa California. Sa madaling sabi, ipinapakita ng datos na nagpapatuloy ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa California.

Pinaghusay ng ulat ang dating pagsusuri ng Lupon sa pagpapatupad ng batas sa mga kabataan sa pamamagitan ng quantitative at qualitative na pagsusuri ng datos ng RIPA upang tasahin kung nakakaranas ng mga pagkakaiba batay sa lahi at pagkakakilanlan ang kabataan sa mga pagpapahinto ng pulis — at natuklasan na totoo ito. Sinusugan ng mga Talahanayang Iniuutos ng Batas (Statutorily Mandated Tables) ang ulat, na nagbibigay ng datos sa antas ng ahensya para sa publiko at mga stakeholder. Inilathala kasama ng ulat na ito ang mga talahanayang iyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas malalim na pagsusuri sa mga pamamaraan at patakaran kaugnay ng mga interaksyon ng tagapagpatupad ng batas sa mga kabataan sa pamamagitan ng punto de vista ng datos ng RIPA, umaasa ang Lupon na mahihikayat ang mga tagagawa ng patakaran na magpasa ng mga batas at bumuo ng mga patakaran na babago sa mga nakasasamang pamamaraan sa pagpapatupad ng batas, aalisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa pagpapatupad ng batas, at palalawakin ang kaligtasan ng publiko.

Bilang karagdagan sa ulat, inilathala rin ng Lupon ang hiwalay na buod ng mga rekomendasyon at pinakamahuhusay na pamamaraan na nakapaloob sa ulat. Mayroong apat na subkomite ang Lupon ng RIPA—Mga Patakaran ng Estado at Lokal, Mga Pananagutan at Reklamo ng Sibilyan, Pagsusuri ng Datos ng Pagpapahinto, at Pagsasanay at Pagre-recruit ng POST. Sa pangkalahatan, inaatasan ang mga subkomite na gumawa ng draft ng seksyon ng ulat na tumutugon sa mga isyung sinusuri ng kanilang partikular na subkomite at bumuo ng mga rekomendasyong pampatakaran o pambatas para sa pagsasaalang-alang ng buong Lupon. Ang mga rekomendasyong matatagpuan sa ulat ngayong taon—katulad ng mga nagdaang taon—ay nagmula sa mga subkomite at isinangguni at inaprubahan ng mayorya ng Lupon. Hinihikayat ng Lupon ang lahat ng stakeholder — kabilang ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, tagagawa ng patakaran, Komisyon ng mga Pamantayan at Pagsasanay sa mga Tagapamayapang Opisyal (Peace Officer Standards and Training, POST) ng California, mga mananaliksik, mga tagapagtaguyod, at mga miyembro ng komunidad — na gamitin ang mga rekomendasyong ito at mahuhusay na pamamaraan upang patatagin ang relasyon ng komunidad at tagapagpatupad ng batas at pagbutihin ang kaligtasan ng publiko para sa lahat ng taga-California.

## Pagsusuri ng Datos ng Pagpapahinto

Sinusuri ng kabanatang ito ng ulat ang datos ng 2023 RIPA na nakalap at isinumite ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa California sa Kagawaran ng Katarungan ng California. Mula Enero 1, 2023 hanggang Disyembre 31, 2023, nagsagawa ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa California ng kabuuang 4,721,135 pagpapahinto. Ipinapakita ng pagsusuri sa mga pagpapahintong iyon ang mga sumusunod:

- Ang pinakamalaking porsyento ng mga indibidwal na pinahinto ay inakalang Hispanic/Latine(x) (43.07%), kasunod ang White (31.96%), at pagkatapos ay Black (12.14%).

- Pinahinto ang mga itinuturing na Black nang 126.5 porsyento na mas madalas kaysa sa inaasahan base sa proporsyon nila sa populasyon ng California. Pinahinto ang mga itinuturing na Hispanic/Latine(x) nang 43.8 porsyento na mas madalas kaysa sa inaasahan base sa parehong paghahambing.

*Pagkakaiba sa Pagpapahinto Batay sa Lahi at Etnisidad*




- Ipinakita rin ng datos na bagamat ang mga itinuturing na Black, Native American, at Hispanic/Latine(x) ay pinahinto at hinanapan nang may mas mataas na porsyento kaysa sa mga itinuturing na White, mas mababa ang porsyento ng nakuhang kontrabando o ebidensya sa mga paghahanap sa kanila kumpara sa mga paghahanap sa itinuturing na White.

*Mga Rate ng Pagpapahinto Batay sa Lahi at Etnisidad*




Ipinapakita ng pagsusuri batay sa ibang katangian ng pagkakakilanlan ang mga sumusunod:

- Karamihan sa mga pinahinto ay itinuturing na cisgender male (70.9%) o cisgender female (28.7%). Mas mababa sa isang porsyento (0.4%) ng mga pagpapahinto ang iniulat na may kinalaman sa mga itinuturing na transgender o gender nonconforming.

- Karamihan sa mga pinahinto (98.9%) ay itinuturing na walang kapansanan. Sa 1.1 porsyento ng mga pagpapahinto na kinasasangkutan ng isang taong itinuturing na may kapansanan, ang mga indibidwal ay kadalasang itinuturing na may kapansanan sa pag-iisip (64.7% ng mga pagpapahinto na kinasasangkutan ng mga itinuturing na may kapansanan).

Sinuri rin ng ulat ngayong taon ang datos sa tagal ng mga pagpapahinto at resulta ng mga pagpapahinto. Ipinapakita ng pagsusuri ang mga sumusunod:

- May malaking pagkakaiba sa katamtamang tagal ng pagpapahinto sa pagitan ng mga grupo na may iba't ibang lahi at etnisidad, kahit na pareho ang resulta ng mga pagpapahinto. Sa average, ang mga pagpapahinto na nagresulta sa babala ang pinakamaikli, habang ang mga pagpapahinto na walang aksyong ginawa ang pinakamahaba. Gayunman, may malalaking pagkakaiba sa tagal ng mga pagpapahinto kung saan iniulat ng mga opisyal ang resulta bilang walang aksyon kumpara sa mga pagpapahinto na nagresulta sa babala o citation. Halimbawa, ang mga pagpapahinto sa mga itinuturing na Native American at Pacific Islander na nagresulta sa “walang aksyon” ay, sa average, halos doble ang tagal kumpara sa mga pagpapahinto para sa parehong grupo na nagresulta sa babala. Para sa dalawang grupong ito, ang karaniwang tagal ng pagpapahinto na nagresulta sa walang aksyon ay humigit-kumulang 20 minuto.

Sa kabuuan, sa lahat ng grupong etniko, ang mga pagpapahinto ay kadalasang nagresulta sa citation (44.9%), sinundan ng babala (33.7%), at pagkatapos ay pag-aresto (14.2%). Iniulat ng mga opisyal na walang aksyon na ginawa sa 6.7 porsyento ng mga pagpapahinto. Gayunpaman, ang mga pagpapahinto na kinasasangkutan ng mga indibidwal na itinuturing na Native American at Black ay may mas mataas na rate ng pag-aresto (24.6% at 17.3% ng mga pagpapahinto) at mas mababang rate ng mga citation kaysa sa ibang mga grupo (30.4% at 36.0% ng mga pagpapahinto).

*Paghahambing ng Tagal ng Pagpapahinto Batay sa Lahi at Etnisidad*




**Pagsusuri ng Datos sa Pagpapahinto ng mga Kabataan**

Ayon sa pananaliksik, ang utak ng tao ay dumaranas ng proseso ng "rewiring" na natatapos lamang sa edad na humigit-kumulang 25 taon. Dahil dito, para sa layunin ng pagsusuri nito, tinutukoy ng Lupon ang mga kabataan bilang mga indibidwal na wala pang edad 25, upang isaalang-alang ang pisikal, kognitibo, at sosyal-emosyonal na pag-unlad na nagaganap sa panahon ng proseso ng pagkamaygulang. Ang ulat ay sumusuri sa mga trend sa datos mula sa 823,773 pagpapahinto noong 2023 na iniulat ng mga opisyal na may kinalaman sa mga indibidwal na itinuturing na 24 na taong gulang pababa (17.5% ng lahat ng pagpapahinto). Ang pagsusuri ng datos mula sa mga pagpapahintong ito ay nagpapakita na:

- Iniulat ng mga opisyal ang 736,389 na pagpapahinto sa mga kabataang itinuturing na edad 18–24, 69,969 na pagpapahinto sa mga kabataang itinuturing na edad 15–17,

10,647 pagpapahinto sa mga kabataang itinuturing na edad 12–14, 3,165 pagpapahinto sa mga kabataang itinuturing na edad 8–11, at 3,603 pagpapahinto sa mga kabataang itinuturing na edad 1–7.

*Kabuuang Pagpapahinto Batay sa Edad (Kabataang wala pang edad 25)*




- Naobserbahan ang mga kapansin-pansing pagkakaiba batay sa lahi sa datos ng mga pagpapahinto sa kabataan. Habang ang mga itinuturing na edad 1–17 ay karaniwang kulang sa representasyon sa datos ng pagpapahinto kumpara sa residensyal na populasyon, ang mga itinuturing na edad 18–24 ay lubos na sobra sa representasyon sa mga pagpapahinto kumpara sa kanilang residensyal na populasyon — partikular ang mga itinuturing na Black, Hispanic/Latine(x), at Middle Eastern/South Asian.

*Porsyento ng mga Pagpapahinto Batay sa Edad at Lahi/Etnisidad*



*Paghahambing sa Residensyal na Populasyon sa Datos ng Pagpapahinto (Edad 1-17)*




*Paghahambing sa Residensyal na Populasyon sa Datos ng Pagpapahinto (Edad 18-24)*



**Mga Ginawang Aksyon sa Panahon ng Pagpapahinto**

Ipinapakita ng datos na may malalaking pagkakaiba sa mga aksyon na ginawa sa panahon ng pagpapahinto sa iba't ibang grupo ng edad. Ang mga kabataang itinuturing na edad 12–14 ay mas malamang na kapkapan, posasan, at paupuin sa tabi ng kalsada sa panahon ng pagpapahinto, kumpara sa ibang grupo ng edad. Samantala, ang mga kabataang itinuturing na edad 15–17 ay mas malamang na utusang lumabas ng sasakyan.

*Porsyento ng mga Pagpapahinto na Naglalaman ng Partikular na Aksyon Batay sa Edad*




Isang interseksyonal na pagsusuri sa datos tungkol sa mga aksyong ginawa sa mga pagpapahinto batay sa lahi at edad ay nagpapakita rin ng mga pagkakaiba sa aksyong ginawa sa mga pagpapahinto. Ang mga kabataang Black, Hispanic/Latine(x), Maramihang Lahi, at Native American ay mas malamang na mahanapan kumpara sa ibang grupo. Nagsagawa ang mga opisyal ng paghahanap sa mahigit 40 porsyento ng mga pagpapahinto sa kabataang Black na itinuturing na edad 12–14 at edad 15–17.

*Mga Pagpapahinto sa Kabataan na May Kasamang Paghahanap Batay sa Lahi at Etnisidad*




## Paggamit ng Puwersa

Ipinapakita ng datos ng RIPA na ang paggamit ng nakamamatay at di-nakamamatay na puwersa ay hindi bihira sa mga pagpapahinto sa kabataan. Mas mataas ang rate ng paggamit ng puwersa sa mga pagpapahinto sa kabataang edad 12–14 kumpara sa ibang kategorya ng edad. Iniulat din ng mga opisyal ang paggamit ng nakamamatay na puwersa, tulad ng pagpapaputok ng baril, sa ilang mga pagpapahinto sa kabataang edad 12–14. Sa kategoryang edad 12–14, sa kabuuan, ginamit ng mga opisyal ang puwersa sa pinakamataas na rate sa mga pagpapahinto sa kabataang Native American at Black na edad 12–14. Limitadong puwersa — tulad ng pagpoposas, pagpapaalis mula sa sasakyan na may pisikal na kontak, at iba pang kontak — ay ginamit sa pinakamataas na rate sa mga pagpapahinto sa kabataang Black na edad 12–14 (42.3%) at kabataang Native American (41.5%) na edad 12–14. Mas mataas din ang iniulat na paggamit ng puwersa para sa mga kabataang Black at Native American na edad 15–17 kumpara sa ibang grupo ng lahi sa parehong kategorya ng edad.

*Paggamit ng Puwersa (Edad 12–24)*




## Resulta ng Pagpapahinto

Ipinapakita rin ng datos na mayroong pagkakaiba sa resulta ng mga pagpapahinto sa kabataan batay sa lahi. Sa kabuuan, sa mga pagpapahinto sa kabataang itinuturing na wala pang edad 25, mas madalas na iniulat ng mga opisyal na ang resulta ng pagpapahinto ay citation o babala kaysa sa pag-aresto sa lahat ng grupo ng lahi. Gayunpaman, mas mataas ang rate ng pag-aresto ng mga opisyal sa mga itinuturing na Native American at Black na kabataang wala pang edad 25 kumpara sa ibang grupo ng lahi.

*Resulta ng mga Pagpapahinto sa Kabataan Batay sa Lahi/Etnisidad (Edad 1–24)*




Sinuri ng Ulat ng 2024 ang mga field interview card[1] at ang mga pagkakaiba batay sa lahi sa kanilang paggamit. Ang datos ay nagpapakita ng malalaking pagkakaiba batay sa lahi sa mga pagpapahinto na nagresulta sa pagkumpleto ng field interview card. Halimbawa, sa lahat ng grupo ng edad, pinakamadalas kumpletuhin ng mga opisyal ang mga field interview card para sa mga kabataang itinuturing na Black. Maliban sa mga kabataang itinuturing na Pacific Islander o Native American, ang grupo ng edad kung saan pinakamadalas na kumpletuhin ng mga opisyal ang field interview card ay ang mga kabataang itinuturing na edad 12–14. Pinakamataas ang rate ng pagkumpleto ng mga field interview card sa mga pagpapahinto sa itinuturing na Black, Hispanic/Latine(x), at Middle Eastern/South Asian na kabataang edad 12–14, at Black at Hispanic/Latine(x) na kabataang itinuturing na edad 15–17.

[1] Tingnan ang *Taunang Ulat* ng Racial and Identity Profiling Advisory Board (2024), p. 91. Ang mga opisyal ay maaaring magkumpleto ng field interview card upang i-record at subaybayan ang mga kontak na ginawa sa panahon ng mga pagpapahinto, imbestigasyon, at pag-aresto. Maaaring gamitin ang mga field interview card upang maglagay ng datos sa mga database ng tagapagpatupad ng batas tulad ng CalGang — isang shared gang database na maaaring ma-access ng maraming ahensya ng tagapagpatupad ng batas. Napag-alaman ng Lupon na mayroong matitinding pagkakaiba batay sa lahi sa pagtatalaga ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa mga tao bilang pinaghihinalaang miyembro, kasamahan, o kaanib ng gang sa CalGang.

*Mga Field Interview Card ng Kabataan Batay sa Lahi at Etnisidad*




**Pagsusuri ng Datos na Nakatuon sa Patakaran**

Itinataguyod ng kabanatang ito ng ulat ang mga naunang rekomendasyon ng Lupon upang tugunan ang isyu ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan ng kabataan sa pamamagitan ng pagtuon sa papel ng rasismo at iba pang pagkiling na maaaring makaapekto sa mga engkuwentro ng pulisya sa kabataan. Ipinapakita ng pananaliksik na tinalakay sa ulat na mas madalas na nasasangkot ang mga kabataang hindi White sa mga engkuwentro sa tagapagpatupad ng batas kumpara sa mga kabataang White; na ang mga engkuwentrong ito ay mas mapanghimasok at mas malamang na humantong sa mas malalim na pagkakasangkot sa sistema ng batas kriminal; at na ang mga engkuwentro sa pulisya, kabilang ang personal na pagpapahinto o pagmamasid sa iba na pinapahinto, ay maaaring magdulot ng malaking epekto sa buhay ng mga bata at kabataan.

Tulad ng nabanggit, tinutukoy sa ulat ngayong taon ang kabataan bilang mga indibidwal na wala pang edad 25. Ang epekto ng pagpapatrolya sa kabataan ay may mahalagang implikasyon para sa California, kung saan, noong 2022, mahigit 12 milyong taga-California ang wala pang edad 25, at halos siyam na milyon (o tinatayang isa sa lima) ang wala pang edad 18. Sa pagsusuri ng 823,773 pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na 24 na taong gulang pababa na naitala noong 2023, ang kabanatang ito ay gumagamit ng apat na malawak na kategorya: mga pagpapahinto batay sa makatwirang hinala; mga pagpapahinto na may kasamang tawag para sa serbisyo; mga ginawang aksyon ng opisyal sa panahon ng mga pagpapahinto; at ang mga huling resulta ng mga pagpapahinto. Ipinapakita ng pagsusuri ng mga datos ang mga sumusunod:

- **Makatwirang hinala:** Nagsagawa ang mga opisyal ng 93,372 pagpapahinto sa mga indibidwal na itinuturing na edad 24 pababa batay sa makatwirang hinala. Tinutukoy ng ulat na mayroong pagkakaiba batay sa lahi sa kategoryang ito ng pagpapahinto. Partikular na, ang mga kabataang itinuturing na Black ay nakaranas ng mas mataas na

porsyento ng pagpapahinto batay sa makatwirang hinala kumpara sa ibang mga grupo ng lahi o etniko. Ang pagsusuri sa anim na tiyak na kategorya ng mga paglabag na karaniwang nakikita sa interaksyon ng kabataan at mga tagapagpatupad ng batas — pagpapagala-gala, paglabag sa batas sa daanan ng mga tao, paggambala sa kapayapaan, trespassing, bandalismo, at pag-inom ng alak nang wala sa tamang edad — ay nagpapakita ng mga pagkakaiba batay sa lahi sa bawat isa sa mga kategoryang ito ng paglabag.

- **Tawag para sa serbisyo:** Mayroong 65,680 pagpapahinto ng mga indibidwal na tinatayang nasa edad 24 pababa na may kinalaman sa mga tawag para sa serbisyo. Natuklasan ng Lupon ang mga pagkakaiba batay sa kasarian at kapansanan sa loob ng mga pagpapahintong ito.

- **Mga ginawang aksyon ng opisyal sa panahon ng mga pagpapahinto:** Natuklasan ng Lupon ang mga pagkakaiba sa mga aksyon ng mga opisyal sa panahon ng mga pagpapahinto ng mga indibidwal na itinuturing na edad 24 pababa, kabilang ang paggamit ng puwersa, pagdakip sa tabi ng kalsada o sa sasakyan ng patrol, pagkapkap, at pagkuha ng litrato ng pinahintong indibidwal.

- **Mga resulta ng pagpapahinto:** Natuklasan ng Lupon ang mga pagkakaiba batay sa lahi at etnisidad sa mga pagpapahinto ng mga indibidwal na itinuturing na edad 24 pababa, kung saan iniulat na walang ginawa ang mga opisyal, pati na rin ang mga pagkakaiba batay sa lahi, etnisidad, kapansanan, at kasarian sa paggamit ng mga field interview card.

Tinutukoy din ng kabanatang ito ang mga patakarang partikular sa kabataan ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas ng California, kabilang ang mga patakaran tungkol sa paggamit ng puwersa sa mga kabataan, pagbabawal ng panlilinlang sa mga interview sa kabataan, at paglilimita o pagbabawal ng paggamit ng mga field interview card para sa kabataan. Bagamat maraming ahensya ang may mga patakaran tungkol sa paggamit ng puwersa sa mga kabataan sa kustodiya, malaki ang pagkakaiba-iba ng mga patakarang ito sa bawat ahensya. Kaunti ang mga patakaran na naglalaan ng karagdagang proteksyon o mga pananggalang para sa mga kabataan o nagpapakita ng pagkakaiba kung paano dapat tratuhin ang mga kabataan kumpara sa mga nasa hustong gulang. Halimbawa, sa labinlimang pinakamalalaking ahensya sa California, isa lamang (ang Kagawaran ng Pulisya ng Los Angeles) ang may regulasyon sa paggamit ng posas kapag inaresto ang mga kabataan. Nababahala ang Lupon sa kakulangan ng mga patakaran ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas tungkol sa paggamit ng puwersa sa mga kabataan, dahil ipinapakita ng mga pananaliksik at ng datos ng RIPA na madalas magresulta ang interaksyon ng mga opisyal sa mga kabataan sa paggamit ng puwersa at ang paggamit ng puwersa ay hindi patas, partikular na laban sa mga kabataang hindi White, kabataang may kapansanan, at mga kabataang kabilang sa gender minority.

**Mga Rekomendasyon ng Lupon**

Batay sa pananaliksik na ito at sa datos ng RIPA, inirerekomenda ng Lupon ang mga sumusunod sa Lehislatura, mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, at mga pamahalaang lokal upang makatulong na maalis ang pagkilatis batay sa lahi at pagkakakilanlan at ang maraming mapanirang epekto ng mga interaksyon ng tagapagpatupad ng batas sa kabataan:

1. Dapat magpatawag ang Lehislatura ng isang panel ng mga eksperto upang magmungkahi ng mga pamantayan, patakaran, at pagsasanay para sa mga opisyal kaugnay ng mga pagkakaiba at pananaliksik na inilatag sa 2025 ulat ng RIPA na may kinalaman sa mga kabataan, na nakatuon sa paggamit ng puwersa, pagpapababa ng tensyon, at pag-unlad ng bata. Dapat isama sa panel, bilang pinakamababang kinakailangan, ang mga apektadong miyembro ng komunidad, mga eksperto sa pagbuo ng mga patakaran at pagsasanay tungkol sa paggamit ng puwersa, mga eksperto sa pag-unlad ng mga bata, mga eksperto sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, at mga eksperto sa karapatang pantao.

2. Dapat suriin ng Lehislatura ang bisa ng mga umiiral na programa ng deflection at diversion at pag-aralan ang pagpapalawig nito sa universal deflection o diversion para sa mga kabataang akusado ng status offense, maliit na pagkakasala, o iba pang mababang uri ng krimen na may paniwala ng pagiging karapat-dapat na maaaring mapawalang-bisa sa pamamagitan ng mga batay sa ebidensiyang konsiderasyon.

3. Dapat pag-aralan ng Lehislatura, mga ahensya, at mga munisipalidad kung paano makakatulong ang paglilimita sa desisyon ng mga opisyal sa pagpapahinto upang mabawasan ang mga pagkakaiba batay sa lahi at magsagawa ng mga tiyak na konklusyon mula sa kanilang pag-aaral upang magpatuloy sa mga hakbang.

4. Muling sinusuri ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas ang mga proaktibong pamamaraan sa pagpapatupad ng batas na may hindi pantay na epekto at makipagtulungan sa mga organisasyong pinapatakbo ng komunidad upang maghanap ng mga alternatibo na magpapataas ng kaligtasan ng publiko.

## Pagsasanay at Pagre-recruit ng POST

Umaasa ang mga mambabatas ng California sa Lupon ng RIPA upang suriin ang bisa ng mga kurso sa pagsasanay na sertipikado ng Komisyon ng California sa mga Pamantayan at Pagsasanay sa mga Tagapamayapang Opisyal (Peace Officer Standards and Training, POST) para sa pagpapabago ng pag-uugali ng opisyal para alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan ng mga sumumpang opisyal. Ito ay isang mahalagang hakbang patungo sa pag-aalis ng masamang pamamaraan ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas. Para sa layuning iyon, nakatuon ang kabanatang ito ng ulat sa partisipasyon ng Lupon sa pagbuo ng mga panuntunan ng POST para sa mga kurso ng pagsasanay tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan. Nagbibigay din ang kabanatang ito ng pagsusuri sa mga umuusbong na

pananaliksik tungkol sa bisa ng pagsasanay laban sa pagkiling, pati na rin ng mga rekomendasyon sa Lehislatura ng California at Komisyon ng POST upang mapabuti ang pagsasanay para sa mga tagapamayapang opisyal at mabawasan ang mga pagkakaiba sa pagpapahinto ng sasakyan at mga naglalakad.

### Panuntunan ng POST

Itinatampok ng kabanatang ito ang mga patnubay tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan na kasalukuyang binubuo ng POST. Hindi tulad ng mga patnubay na naunang binuo ng POST, lumilitaw na ang mga kasalukuyang binubuo ay magsisilbing template na kurikulum para sa isang opsyonal na limang-oras na advanced na kurso ng pagsasanay para sa mga opisyal tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan. Bagamat kapuri-puri ang pagbuo ng opsyonal na kurso ng pagsasanay na ito, hindi nito ipinapakita ang rekomendasyon ng Lupon sa POST, na bumuo ng mga hiwalay na patnubay para sa lahat ng kurso ng pagsasanay na sertipikado ng POST tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan.

Magpapatuloy ang Lupon ng RIPA sa pakikipagtulungan sa POST sa pagbuo ng mga panuntunan na inaasahang mailalathala sa unang bahagi ng 2025. Ipepresenta ng Lupon ang pagsusuri nito sa mga pinal na panuntunan sa Ulat ng 2026.

### Umuusbong na Pag-aaral

Sa kabila ng mga pagsasanay na sertipikado ng POST tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan na inaalok ng POST at mga lokal na ahensya ng tagapagpatupad ng batas, patuloy na may mga pagkakaiba sa bilang at kinalabasan ng mga pagpapahinto para sa ilang mga grupo batay sa lahi at pagkakakilanlan, na nagdudulot ng seryosong mga tanong kung sapat na ba ang pagsasanay at kamalayan upang alisin ang pagkiling sa pagpapatupad ng batas.

Ilang pag-aaral ang nagpapakita na habang ang nakatutok at panandaliang pagsasanay upang bawasan ang pasubaling pagkiling ay maaaring magdulot ng ilang agarang pagbabawas sa pasubaling pagkiling, kadalasan ay bumabalik ang mga nagsasanay sa kanilang mga orihinal na antas ng pasubaling pagkiling pagkatapos ng ilang buwan. Kaya't upang magkaroon ng pangmatagalang pagbabawas sa mga pagkakaiba sa datos ng pagpapahinto, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang pagsasama ng mga interbensyong laban sa pagkiling sa kultura ng mga departamento ng pulisya upang baguhin ang kultura ng departamento patungo sa makatarungan at walang pinapanigang pagpapatupad ng batas. Partikular na, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang:

- Mga paulit-ulit na sesyon ng pagsasanay para sa pangmatagalang pagbabago sa pag-uugali;
- Suporta mula sa mga superbisor mula sa itaas pababa upang makaimpluwensya sa mga pagbabago sa kultura sa loob ng mga departamento patungo sa makatarungan at walang kinikilingang pagpapapatupad ng batas;
- Paggamit ng footage mula sa mga camera na isinusuot sa katawan upang magsanay ng mga opisyal at suriin ang kanilang pag-uugali sa larangan;

- Pagsasama ng mga pagsasanay tungkol sa pasubaling pagkiling at pagkakaiba-iba sa mga mas malawak na inisyatibo ng organisasyon;
- Pagsusuri ng interbensyon sa pagkiling bilang bahagi ng pagganap sa trabaho (hal., pagsusuri ng mga saloobin at pag-uugali bilang tugon sa mga insidente ng pinaghihinalaang pagkiling); at
- Pagtanggap ng mga patakaran na naglilimita sa diskresyon ng mga tagapamayapang opisyal sa mga pagpapahinto, hinihikayat ang mga pagpapahinto batay sa impormasyon, at pinipigilan ang impluwensya ng mga pasubaling pagkiling.

Batay sa mga pananaliksik na ito, inirerekomenda ng Lupon na bago ipatupad, pondohan, o magtakda ng anumang karagdagang pagsasanay sa mga opisyal tungkol sa pasubaling pagkiling, ang mga kurso ay dapat suriin upang matukoy ang bisa nito sa pagbibigay ng pangmatagalang pagbabago sa saloobin at pag-uugali ng mga indibidwal na opisyal at kung ang anumang napansing pagbabago ay nagreresulta sa nabawasang pagkakaiba sa mga kinalabasan ng pagpapatupad ng batas.

## Mga Rekomendasyon ng Lupon

### Mga Rekomendasyon sa Lehislatura

1. Ipag-utos sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas (law enforcement agencies, LEAs) na pagtibayin ang isang patakaran upang ipagbawal ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan na may kasamang pananagutan at mga parusa sa hindi pagsunod (hal., SB 2) batay sa mga panuntunan ng POST.

2. Ipag-utos ang mas madalas, nasusuri, at batay sa ebidensyang pagsasanay tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan higit pa sa isang beses bawat limang taon at hindi bababa sa isang beses tuwing tatlong taon.

3. Ipag-utos ang espesyalisadong pagsasanay para sa mga superbisor ng tagapagpatupad ng batas at mga opisyal na nagsasanay sa larangan upang alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan sa kanilang mga departamento.

4. Suriin ang pagpapasa ng mga kurso ng POST at Museum of Tolerance (MOT) tungkol sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan upang ma-update tuwing dalawang taon gamit ang pinakabagong mga natuklasan mula sa RIPA, kasalukuyang batas, at mungkahi mula sa komunidad.

5. Ipag-utos na amyendahan ang mga kurso na sertipikado ng POST sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan upang isama ang mga pamamaraan na makakaiwas sa mga pag-uugali na maaaring magdulot ng pagkakaalis ng sertipikasyon ng mga opisyal dahil sa malubhang maling paggawi ayon sa SB 2.

6. Amyendahan ang batas upang madagdagan ang pondo at pahintulutan ang iba pang mga stakeholder, lampas sa MOT, na magmungkahi ng karagdagang mga opsyon para sa pagsasanay sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan para sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas.

7. Ipag-utos na gamitin ang mga footage mula sa camera na isinusuot sa katawan, kung mayroon, o mga kilalang insidente, bilang bahagi ng pagsasanay sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan, bukod pa sa mga nakaplanong senaryo.

8. Pondohan ang isang independiyenteng pag-aaral, sa ilalim ng gabay ng Lupon ng RIPA at isasagawa ng mga akademikong mananaliksik, upang suriin ang bisa ng pagsasanay ng POST sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan kaugnay ng mga saloobin, pagkiling, at resulta ng pagpapatupad ng mga opisyal.

9. Maglaan ng pondo at ipag-utos na mag-ulat ang POST taun-taon tungkol sa mga espesipikong resulta ng pagsasanay at mga sukatan ng pagganap. Dapat isaalang-alang ng POST ang pagsusuri sa mga sukatan ng pasubaling pagkiling bago at pagkatapos ng mga pagsasanay upang matukoy ang pagiging epektibo ng mga ito.

**Mga Rekomendasyon sa POST**

1. Suriin ang pang-akademikong pananaliksik na nagsisilbing batayan ng mga pagsasanay bilang bahagi ng proseso ng sertipikasyon ng kurso.

2. Rebisahin ang proseso ng pagsusuri sa mga pagsasanay ng tagapagpatupad ng batas, sa sertipikasyon ng kurso at mga plano para sa pagtatasa ng kalidad nito, upang isama ang karagdagang pamantayan ng kurso na nakabatay sa mga resulta ng pagsasanay na may kaugnayan sa mga aksyon at pag-uugali ng opisyal sa aktwal na tungkulin.

3. Pormal na suriin ang Learning Domain 3 at Learning Domain 42 sa mga komprehensibong pagsusulit sa module ng Regular Basic Course.

## Pananagutan

Noong 2021, ipinasa ng Lehislatura ang Senate Bill No. 2, ang Kenneth Ross Jr. Police Decertification Act of 2021 (SB 2), na lumikha ng isang sistema sa buong estado para sa pag-aalis ng sertipikasyon o pagsuspinde sa mga tagapamayapang opisyal na may kaugnayan sa matitinding paglabag, kabilang ang mga opisyal na nagpapakita ng pagkiling o sangkot sa pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan. Ang SB 2 ay naaayon sa layunin ng Lupon na alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan mula sa pagpapatupad ng batas.  Kaya't ang kabanatang ito ng ulat ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa proseso ng pag-aalis ng sertipikasyon sa ilalim ng SB 2, kabilang ang mga pangunahing tauhan sa proseso ng pag-aalis ng sertipikasyon, ang mga batayan at proseso para sa pag-aalis ng sertipikasyon o pagsuspinde ng isang tagapamayapang opisyal, at bawat hakbang ng proseso ng pag-aalis ng sertipikasyon, na may

layuning ipaalam sa publiko at magbigay ng mga rekomendasyon sa POST at sa Lehislatura upang makatulong sa paghubog ng SB 2 bilang isang mabisang kasangkapan sa pananagutan upang alisin ang pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan mula sa pagpapatupad ng batas.

Pinapahintulutan ng SB 2 ang POST na suspendihin o bawiin ang sertipikasyon ng isang tagapamayapang opisyal kung: (1) ang opisyal ay nawalan ng karapatang humawak ng tungkulin bilang tagapamayapang opisyal sa ilalim ng Seksyon 1029 ng Kodigo ng Pamahalaan; o (2) ang opisyal ay tinanggal sa tungkulin dahil sa matibay na dahilan o nasangkot sa "malubhang maling paggawi, " na itinakda ng seksyon 12510.8, subdibisyon ng Kodigo Penal (b) at mga regulasyon ng POST. Para sa mga pag-aalis ng sertipikasyon na pinasimulan batay sa seksyon 1029 ng Kodigo ng Pamahalaan, nagiging hindi kwalipikado ang isang opisyal na maglingkod bilang isang tagapamayapang opisyal kung ang opisyal ay may hatol na naaayon sa mga pamantayan na nakasaad sa seksyon 1029. Ang POST ay maaaring kumuha ng datos ng paghatol mula sa Kagawaran ng Hustisya ng California. Para sa mga pag-aalis ng sertipikasyon na pinasimulan batay sa paratang ng malubhang maling paggawi sa ilalim ng seksyon 12510.8, subdibisyon (b) ng Kodigo Penal, ang POST ay kumukuha ng impormasyon mula sa mga ulat mula sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas at mga reklamo na isinusumite ng mga miyembro ng publiko nang direkta sa POST. Sa ilalim ng SB 2, may opsyon ang mga miyembro ng publiko na magsumite ng reklamo sa POST nang hindi nagpapakilala.

Kapag nakatanggap ito ng alegasyon, aabisuhan ng POST ang nagpapatrabahong ahensya ng opisyal, na magsasagawa ng imbestigasyon. Kapag natapos na ang imbestigasyon ng ahensya, magsasagawa ang POST ng pagsusuri sa imbestigasyon ng ahensya at tutukuyin kung kinakailangan ang karagdagang aksyon, tulad ng proseso ng pagdinig upang matukoy kung dapat bang bawiin o suspendihin ang sertipikasyon ng opisyal. May tatlong taon ang POST upang kumpletuhin ang imbestigasyon ng isang akusasyon. Ang chart sa ibaba ay naglalahad ng proseso ng SB 2 para sa mga reklamo:

## Daloy ng Gawain sa Pag-aalis ng Sertipikasyon ng Tagapamayapang Opisyal

| Hakbang | Mga Detalye |
|---|---|
| **Mga Alegasyon ng Malubhang Maling Paggawi** | • Iniuulat sa POST ng ahensyang nagpapatrabaho sa loob ng 10 araw<br>• Reklamo ng mamamayan na isinumite sa POST<br>• Pinasisimulan ng POST ang kaso |
| **Imbestigasyon ng Ahensya** | • Imbestigasyon sa pagdidisiplina na kinumpleto ng ahensya<br>• Ipapasa ng ahensya ang imbestigasyon sa POST para sa imbestigasyon ng pag-aalis ng sertipikasyon |
| **Imbestigasyon ng POST** | • Susuriin ng POST ang imbestigasyon ng ahensya<br>• Magsasagawa ang POST ng karagdagang imbestigasyon, kung kinakailangan<br>• Tinutukoy ng POST kung may naganap na malubhang maling paggawi |
| **Rekomendasyon ng POST** | • Kung walang nangyaring malubhang maling paggawi, aabisuhan ng POST ang tagapamayapang opisyal at isasara ang kaso nang walang karagdagang aksyon<br>• Kung may nangyaring malubhang maling paggawi, gagawa ang POST ng rekomendasyon upang alisin ang sertipikasyon ng tagapamayapang opisyal |
| **Aksyon ng Pag-aalis ng Sertipikasyon** | • Ipinapaalam ng POST sa tagapamayapang opisyal ang layunin nitong alisin ang sertipikasyon<br>• Mayroong 30 araw ang pulis upang humiling ng pagsusuri sa inirekomendang aksyon sa harap ng Lupon ng mga Tagapayo sa Pananagutan ng mga Tagapamayapang Opisyal |
| **Aksyon sa pag-aalis ng sertipikasyon (ipinagpatuloy)** | • Kung ang tagapamayapang opisyal ay hindi hihiling ng pagsusuri, ang rekomendasyon ng POST na alisin ang sertipikasyon ay wala nang karagdagan pang hakbang<br>• Kung hiniling ang pagsusuri, mag-i-iskedyul ang POST ng pagdinig sa harap ng Lupon |
| **Pagsusuri ng Lupon ng mga Tagapayo sa Pananagutan ng mga Tagapamayapang Opisyal** | • Magsasagawa ng pampublikong pagdinig ang Lupon tungkol sa kaso ng pag-aalis ng sertipikasyon<br>• Sinusuri ng Lupon ang mga natuklasan ng imbestigasyon ng POST at ang rekomendasyon para sa pag-aalis ng sertipikasyon<br>• Gagawa ang Lupon ng nakasulat na rekomendasyon sa Komisyon sa pamamagitan ng boto ng mayorya kung anong aksyon ang dapat gawin laban sa tagapamayapang opisyal |

**Komisyon ng mga Pamantayan at Pagsasanay ng mga Tagapamayapang Opisyal**

- Sinusuri ang rekomendasyong ginawa ng Lupon
- Ang desisyon ng Komisyon na tanggapin ang rekomendasyon ng Lupon upang humiling ng pag-aalis ng sertipikasyon ay gagawin sa pamamagitan ng boto ng dalawang-katlo ng mga Komisyoner na naroroon
- Ibinabalik ng Komisyon ang desisyon sa POST

**Hukom ng Administratibong Batas**

- Kung magpasya ang Komisyon na magsagawa ng aksyon, pasisimulan ng POST ang mga hakbang para sa pormal na pagdinig sa harap ng isang Hukom ng Administratibong Batas
- Kung tatanggihan ng Komisyon ang rekomendasyon, walang karagdagang hakbang na gagawin maliban na lamang kung may hiniling na karagdagang imbestigasyon

**Pinal na Komisyon**

- Magpapasya ang komisyon kung tatanggapin o tatanggihan ang desisyon ng Hukom ng Administratibong Batas
- Magpapasya ang Komisyon ng pinal na desisyon at isasagawa ang mga kinakailangang abiso

Naglalaman ang kabanatang ito ng mga datos mula sa POST ukol sa mga alegasyon na natanggap ng POST mula Enero 1, 2023, hanggang Oktubre 1, 2024. Ipinapahiwatig ng data na:

- Nakatanggap ang POST ng 29,472 ulat ng maling paggawi mula sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas, pati na rin ng 1,247 reklamo mula sa publiko na direktang isinumbong sa POST. Sa mga ulat ng maling paggawi mula sa ahensya, 16,672 (56.57%) ay may kinalaman sa isang insidente na nangyari bago ang Enero 1, 2023.

- Nitong Oktubre 1, 2024, 19,882 kaso ang naitalaga sa mga imbestigador ng POST. Sa mga kasong ito, 7,967 kaso ang isinara. Ang iba pang 9,533 ulat ng maling paggawi (32.34% ng mga ulat mula sa ahensya) ay hindi pa naitalaga sa isang imbestigador ng POST.

- Noong 2023, nakapagsara ang POST ng kabuuang 5,194 na kaso. Sa mga kasong iyon, 5,100 ay isinara na walang karagdagang aksyon. 65 kaso lamang ang nagresulta sa pag-aalis ng sertipikasyon.

- Sa unang siyam na buwan ng 2024, nakapagsara ang POST ng 2,982 kaso; 2,811 kaso ay isinara na walang karagdagang aksyon, at 171 kaso ang nagresulta sa pag-aalis ng sertipikasyon.

- Noong 2023, 85.29% ng mga kasong isinara nang walang karagdagang aksyon ay mga retroactive na kaso (hal. mga kaso na may kinalaman sa mga pangyayaring naganap mula Enero 1, 2020, hanggang Enero 1, 2023). Ipinag-utos sa POST na isara ang mga kasong ito kung hindi nagdulot ng kamatayan o malubhang pinsala sa katawan alinsunod sa seksyon 13510.8, subdibisyon (g)(1) ng Kodigo Penal.

- Sa mga alegasyong natanggap ng POST mula Enero 1, 2024, hanggang Oktubre 4, 2024, ang pisikal na pang-aabuso/labis-labis na pamumuwersa ang pinakakaraniwang uri ng malubhang maling paggawi, kasunod ang pagpapakita ng pagkiling, pang-aabuso ng kapangyarihan, kasinungalingan, mga gawa na lumalabag sa batas, at panghahalay.

*SB 2 Mga Reklamo na Kinasasangkutan ng Mga Alegasyon ng Malubhang Maling Paggawi, 2023-2024*

| Batayan | Mga Alegasyong Natanggap | |
|---|---|---|
| | Bilang | Porsyento |
| Pisikal na Pang-aabuso/Labis-labis na Pamumuwersa | 12,654 | 37.68% |
| Pagpapakita ng Pagkiling | 9,186 | 27.35% |
| Pag-abuso sa Kapangyarihan | 4,528 | 13.48% |
| Kasinungalingan | 2,523 | 7.51% |
| Mga Gawa na Lumalabag sa Batas | 2,225 | 6.63% |
| Panghahalay | 1,337 | 3.98% |
| Hinatulan ng Mabigat na Pagkakasala | 593 | 1.77% |
| Iba Pang Malubhang Maling Paggawi | 537 | 1.60% |

Ang pinakakaraniwang reklamo, paratang, o alegasyon kung saan nagsagawa ang POST ng aksyon ukol sa sertipikasyon batay sa malubhang maling paggawi ay ang mga labis o paulit-ulit na aksyon na lumalabag sa batas, na sinundan ng pisikal na pang-aabuso/labis-labis na pamumuwersa, panghahalay, kasinungalingan, pagpapakita ng pagkiling, pang-aabuso ng kapangyarihan, at hindi pakikipagtulungan.

*SB2 Mga Dahilan ng Pag-aalis ng Sertipikasyon 2023-2024*

| Batayan | Mga Aksyon sa Sertipikasyon | |
|---|---|---|
| | Bilang | Porsyento |
| Mga Gawa na Lumalabag sa Batas | 91 | 59.48% |
| Pisikal na Pang-aabuso/Labis-labis na Pamumuwersa | 28 | 18.30% |
| Panghahalay | 17 | 11.11% |
| Kasinungalingan | 11 | 7.19% |
| Pagpapakita ng Pagkiling | 8 | 5.23% |
| Pag-abuso sa Kapangyarihan | 6 | 3.92% |
| Hindi Pakikipagtulungan | 2 | 1.31% |

Nitong Setyembre 27, 2024, 10 ahensya ng tagapagpatupad ng batas ang may siyam o higit pang mga opisyal na napasailalim sa aksyon sa sertipikasyon ng SB 2. Sa pangkalahatan, ang pinakakaraniwang uri ng malubhang maling paggawi ay mga gawi na lumalabag sa batas.

*Mga Ahensya ng Tagapagpatupad ng Batas na may Siyam o Higit Pang Aksyon sa Pag-aalis ng Sertipikasyon*

| Huling Nagpapatrabahong Ahensya | Mga Opisyal sa SB2 | Mga Nanumpang Opisyal | Pinakakaraniwang Kamakailang Aksyon sa Sertipikasyon | Pinakakaraniwang Malubhang Maling Paggawi |
|---|---|---|---|---|
| Los Angeles County SD | 44 | 8858 | 15 Pansalamantalang Suspensyon, 15 Hindi Kwalipikado Ayon sa GC § 1029 | 13 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| Los Angeles PD | 29 | 8665 | 10 Hindi Kwalipikado Ayon sa GC 1029 | 9 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| California Highway Patrol | 19 | 6884 | 8 Pansamantalang Suspensyon | 7 Pisikal na Pananakit/Labis-labis na Pamumuwersa |
| Riverside County SD | 16 | 2862 | 2 Pansalamantalang Suspensyon & 2 Hindi Kwalipikado Ayon sa GC 1029 | 6 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| San Bernardino County SD | 10 | 1875 | 3 Hindi Kwalipikado Ayon sa GC 1029 | 4 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| San Francisco PD | 10 | 1807 | 5 Pansalamantalang Suspensyon | 5 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| San Jose PD | 10 | 1024 | 6 na Pansalamantalang Suspensyon | 5 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| San Diego PD | 9 | 1818 | 3 Hindi Kwalipikado, 3 Pinawalang-bisa | 1 Kasinungalingan, 1 Hindi Pakikipagtulungan, 1 Gawi na Lumalabag sa Batas |
| Torrance PD | 9 | 188 | 8 Pansamantalang Suspensyon | 5 Pagpapakita ng Pagkiling |

Nitong Setyembre 27, 2024, nagbigay ang POST ng 78 pansamantalang suspensyon kaugnay ng isang nakabinbing kasong kriminal, na tumagal ng average na 321 araw. Dalawampu't walong pansamantalang suspensyon na walang kasamang kriminal na proseso ay nakabinbin na sa loob ng 338 araw sa average. Nitong Setyembre 27, 2024, tanging 35 pansamantalang suspensyon lamang ang nakarating sa permanenteng desisyon.

**Mga Rekomendasyon ng Lupon**

Inilalabas ng Lupon ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa Lehislatura at POST upang mapabuti ang proseso ng pag-aalis ng sertipikasyon sa ilalim ng SB 2 at matugunan ang layunin ng Lehislatura na tugunan ang malubhang maling paggawi sa pagpapatupad ng batas:

1. Nagmumungkahi ang Lupon na magpasa ang Lehislatura ng batas na nag-uutos sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa buong California na baguhin ang kanilang mga patakaran sa pagdidisiplina na nagtatakda ng malubhang maling paggawi upang tumugma sa mga kategorya ng seksyon 13510.8, subdibisyon (b) ng Kodigo Penal.

2. Kaugnay nito, ang Lupon ay nagmumungkahi na bumuo ang POST ng mga patnubay upang tulungan ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa pagbuo ng mga pamamaraan upang magsagawa ng sapat na imbestigasyon sa mga reklamo na naglalaman ng pagkiling at mga patnubay na tutulong sa mga ahensya ng pulisya na umayon sa mga patakaran ng Seksyon 13510.8 ng Kodigo Penal. Dapat ding magsama ang mga panuntunan ng mga paraan kung paano tuturuan ang publiko tungkol sa mga pamamaraan kung paano magsampa ng reklamo. Sa pagbuo ng mga panuntunan para sa imbestigasyon ng mga reklamo tungkol sa pagpapakita ng pagkiling, maaaring kumonsulta ang POST sa Lupon.

3. Inirerekomenda ng Lupon na maglabas ang POST ng mga patnubay na magbibigay kaalaman sa mga opisyal at mga ahensya ng pagpapatupad ng batas tungkol sa mga proteksyon laban sa paghihiganti at sa mga proteksyon sa lugar ng trabaho na ibinibigay sa isang opisyal na nagsasampa ng reklamo laban sa kapuwa opisyal o sa kanilang ahensya o kaya naman ay nakikipagtulungan sa isang imbestigasyon hinggil sa isang paratang ng malubhang paggawi. Upang magbigay ng proteksyon sa mga opisyal na nag-uulat ng malubhang maling paggawi ng kanilang mga kapuwa opisyal at hikayatin ang kultura ng pananagutan, ang Lupon ay nagmumungkahi na amyendahan ng Lehislatura ang seksyon 13510.8 ng Kodigo Penal upang isama ang proteksyon para sa mga whistleblower mula sa hanay ng mga tagapamayapang opisyal at iba pang indibidwal sa mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas na nag-uulat ng malubhang maling paggawi ng kanilang kapuwa tagapamayapang opisyal.

## Mga Reklamo ng Sibilyan

### 2023 Datos ng mga Reklamo ng Sibilyan

Ang kabanatang ito ng ulat ay naglalaman ng pangalawang taon ng pagsusuri ng mga datos ng reklamo na iniulat ng lahat ng apat na wave ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas ng California. Ang kabuuang 526 na mga ahensya — kabilang ang mga munisipal at distritong departamento ng pulisya, mga departamento ng sheriff ng county, ang California Highway Patrol, at mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas ng University of California, mga California State University, mga California Community College, mga tanggapan ng Abogado ng Distrito, at mga departamento ng pulisya ng mga distrito ng paaralang K-12 — ay nagsumite ng mga datos ng reklamo noong 2023. Ang mga datos ay nagpapakita ng mga sumusunod:

- Tinatayang tatlong-kapat ng mga nag-uulat na ahensya (409, o 77.78%) ang nag-ulat ng pagtanggap ng kahit isang reklamo mula sa mga sibilyan, habang halos isang-kapat (117, o 22.24%) ang nag-ulat na hindi sila nakatanggap ng anumang reklamo mula sa

mga sibilyan noong 2023.

- Sa kabuuan, iniulat ng mga ahensya na nakatanggap sila ng 14,444 na reklamo noong 2023. Sa mga ito, 1,405 reklamo (9.73%) ang nag-akusa ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan. Ang 1,405 na reklamo ukol sa pagkilatis ay iniulat lamang ng 147 ahensya, na kumakatawan sa 28 porsyento ng 526 na mga nag-uulat na ahensya ng RIPA at 35.94% ng 409 na mga ahensyang nag-ulat ng pagtanggap ng mga reklamo noong 2023. Ayon sa grupo ng mga nag-ulat, ang Wave 1 hanggang 3 — na kumakatawan sa pinakamalalaking ahensya ng tagapagpatupad ng batas ng California — ay nakaranas ng pagtaas sa bilang ng mga reklamo ukol sa pagkilatis mula 2022 hanggang 2023, habang ang Wave 4 ay nakaranas ng pagbaba ng 5.82 porsyento sa bilang ng mga reklamo ukol sa pagkilatis na iniulat noong 2023.

- Sa mga reklamo na nag-akusa ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan, mayroong 1,566 na hiwalay na alegasyon ng pagkilatis. Ang nakararami sa mga alegasyong ito (1,244, o 79.44%) ay nag-akusa ng pagkilatis batay sa lahi o etnisidad.

*Kabuuang Mga Alegasyon ng Pagkilatis sa Lahi at Pagkakakilanlan na Iniulat noong 2023*




- Sa kabuuan, iniulat ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas na 15,525 reklamo ang nakarating sa isang desisyon noong 2023, kabilang na ang 1,240 reklamo ng pagkilatis sa lahi at pagkakakilanlan. Karamihan sa lahat ng mga reklamo, kabilang ang mga reklamo ukol sa pagkilatis, ay itinuring na walang batayan, pinalaya sa akusasyon, o hindi napatunayan. Tanging 6.89 na porsyento ng lahat ng reklamo at 0.32 porsyento ng mga reklamo ng pagkilatis ang napatunayan.

*Distribusyon ng Disposisyon ng mga Reklamo noong 2023*







**Mga Reklamo ng Sibilyan na Kinasasangkutan ng mga Kabataan**

Bilang karagdagan sa pagsusuri ng datos ng mga reklamo noong 2023, tinatalakay din ng kabanatang ito kung paano maaaring magsilbing sukatan ng pananagutan ang mga reklamo ng sibilyan upang mas epektibong masubaybayan ang interaksyon ng mga pulis sa mga indibidwal na may edad 24 pababa. Ang Lupon, na may  n layuning subaybayan ang mga reklamo ng sibilyan na isinampa ng o para sa mga kabataan, na tinutukoy ang mga problematikong pamamaraan ng pulisya na nakakaapekto sa kabataan, at tumitiyak na ang mga pulis na nakakasakit sa kabataan ay mananagot, ay nagmumungkahi ng sumusunod:

> Pag-aralan ng Lehislatura ang pagbabago sa seksyon 13012 ng Kodigo Penal upang obligahin ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas na iulat ang bilang ng mga reklamong isinampa ng mga mamamayan o ng kanilang kinatawan, na pinaghihiwalay ayon sa mga nagreklamo na may edad 17 pababa at mga nagreklamo na may edad 18 hanggang 24 sa oras ng insidente, kung ang edad ay alam o ibinigay sa oras ng pagsusumite ng reklamo. Kasama sa kinakailangang ulat na ito ang mga reklamong isinampa ng isang ikatlong partido sa ngalan ng isang tao na may edad 24 pababa.

**Pagsusuri sa mga Naunang Rekomendasyon ng Lupon**

Ang ulat ay nagbibigay din ng mga update tungkol sa mga naunang rekomendasyon ng Lupon ukol sa pagpapaliwanag ng “reklamo ng sibilyan,” pagtanggap ng mga di-nagpapakilalang reklamo, at pagtugon sa posibleng epekto ng pagpigil ng pahayag na kinakailangan ng seksyon 148.6 ng Kodigo Penal. Itinatampok ng kabanatang ito ng ulat ang pasasalamat sa Lehislatura sa pagpapakilala ng Assembly Bill 2923 noong 2024, na magbibigay ng depinisyon sa “reklamo ng sibilyan” at mag-aamyenda sa wika ng seksyon 148.6 ng Kodigo Penal. Gayunpaman, hindi pumasa ang panukalang batas.

Bilang panghuli, ang kabanata ng ulat na ito ay patuloy na bumubuo sa naunang rekomendasyon ng Lupon na magsimulang isama ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas ang mga prinsipyo ng pagsusuri sa pinakaugat na sanhi sa kanilang mga proseso ng reklamo ng sibilyan. Partikular na, tinatalakay ng kabanatang ito kung paano ginagamit ang pagsusuri sa pinakaugat na sanhi sa mga industriya ng transportasyon at pangangalaga sa kalusugan, pati na rin sa ibang larangan ng pagpapatupad ng batas, upang matukoy ang mga karaniwang prinsipyo ng pagsusuri sa pinakaugat na sanhi at ipakita kung paano maaaring ilapat ang mga prinsipyong iyon sa mga pamamaraan ng pagtanggap ng reklamo mula sa mga sibilyan. Hinimok ng Lupon ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas na suriin ang mga pinakaugat na sanhi ng mga reklamo ng sibilyan at umaasa na makabuo ng mas tiyak na mga rekomendasyon sa mga susunod na ulat upang matulungan ang mga ahensya na ipatupad ang pamamaraang ito.

## Update ng Lehislatura

Tinapos ng Lupon ang ulat sa pamamagitan ng isang buod ng mga kamakailang isinagawang batas na may kaugnayan sa trabaho ng Lupon ng RIPA. Dahil sa mga pagkakaibang batay sa lahi na ipinakita sa mga datos ng RIPA, nagpasa ang Senate Bill No. 1020 (2023-2024 Reg. Sess.) ng batas na nagbabawal sa paggamit ng mga "ethnic shooting target," na nagpapakita ng mga kulay ng balat o mga katangian ng mukha na maaaring magpahiwatig ng lahi o etnisidad ng isang tao, sa pagsasanay sa paggamit ng baril na kinakailangan para sa mga bagong tanggap na mga opisyal ng batas at mga kasalukuyang opisyal.

Ang batas na ito ay nagpapakita ng potensyal ng RIPA na magdulot ng pagbabago sa mga pamamaraan at patakaran sa pagpapatupad ng batas. Sa pagtutuon nito sa mga pamamaraan at patakaran sa pagpapatupad ng batas, na sinusuri sa pamamagitan ng punto de vista ng mga interaksyon ng kabataan at pulisya, ang ulat na ito ngayong taon ay naglalaman ng maraming datos at mga rekomendasyong nakabatay sa datos upang hikayatin ang higit pang aksyon mula sa lehislatura at mga ahensya para lumikha ng matibay na pagbabago sa sistema ng pagpapatupad ng batas sa California.